



Ang Epekto ng Mga Multa at Mga Bayarin na Ipinataw ng Hukuman sa mga Kabataan

Noong Abril 20, 2023, ang Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos (DOJ) ay naglabas ng isang [Dear Colleague Letter](#) (2023 na Sulat) tungkol sa pagtatasa ng mga multa at mga bayarin ng estado at lokal na mga hukuman, pati na rin ng mga hukuman ng kabataan. Ang hindi makatarungang pagpapataw ng mga multa at mga bayarin ay nagtataas ng makabuluhang mga alalahanin sa pampublikong patakaran. Ang pagpapataw at pagpapatupad ng mga multa at mga bayarin sa mga indibidwal na hindi kayang bayaran ang mga ito ay naipakita na nagdudulot ng matinding pinsala. Lalo na, ang mga kabataang napapailalim sa mga multa at mga bayarin ay kadalasang dumaranas ng lumalalang negatibong mga kahihinatnan na maaaring sumunod sa kanila hanggang sa pagtanda.

Tinatalakay ng 2023 na Sulat ang mga ligal na mga pangangailangan tungkol sa mga multa at mga bayarin, pati na rin ang mga pagsasaalang-alang sa patakaran at pinakamahusay na mga kasanayan para sa mga hukuman.

Nakalista sa ibaba ang pangunahing mga punto tungkol sa pagtatasa ng mga multa at mga bayarin sa kabataan na nasangkot sa sistema ng hukuman ng kabataan.



Dapat ipagpalagay ng mga hurisdiksiyon na ang mga bata at kabataan ay maralita at walang kakayahang magbayad ng mga multa at mga bayarin.

Ang mga menor de edad ay pangkalahatang hindi kumikita ng salaping kinakailangan upang bayaran ang mga multa at mga bayarin. Marami sa mga kabataan ay napakabata pa na makapaghanapbuhay ng ligal, mayroong mga obligasyon sa paaralan, nahihirapang makahanap ng trabaho dahil sa isang talang pangkabataan o pangkriminal, o kulang sa mga kasanayan sa trabaho. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay maaaring humaharap sa mahirap na mga pagpipilian sa pagitan ng pagbabayad ng mga utang sa hukuman o pagbabayad ng mga pangunahing mga pangangailangan ng kanilang pamilya.



Ang mga prinsipyo ng konstitusyon tungkol sa mga multa at mga bayarin ay naaangkop sa parehong kabataan at mga matatanda.

Ang mga kabataan ay mayroong katulad na mga proteksiyon sa ilalim ng Ika-anim, Ika-walo, at Ikalabing-apat na Mga Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos tulad ng mga matatanda. Kabilang dito, bilang halimbawa, ang pagbabawal ng Ikalabing-apat na Susog sa pagkukulong ng mga indibidwal dahil lamang sa kanilang kawalan ng kakayahang magbayad ng isang multa o bayarin.



Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos
Dibisyon para sa Mga Karapatang Sibil
Tanggapan ng Mga Programa ng Hustisya
Tanggapan para sa Kaparaanan sa Hustisya



Ang mga multa at mga bayarin ay maaaring magtanggi sa mga kabataan ng kanilang konstitusyonal na karapatan para sa isang manananggol. Pinananagutan ng Ikalabing-apat na Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos ang karapatan para sa isang manananggol sa mga paglilitis ng kabataan. Ang paniningil para sa mga manananggol na itinalaga ng hukuman ay taimtim na nanganganib sa paglabag ng Konstitusyon kung ang kaparaanan sa isang manananggol ay batay sa pagbabayad ng mga bayarin.



Ang ilang mga estado at mga lokalidad ay nagtanggap o kapansin-pansin na nagbawas ng mga multa at mga bayarin sa mga sistema ng kabataan.

Mga Mapagkukunan sa DOJ at Tulong na Teknikal

Maaaring makahanap ang mga hukuman at mga sistema ng hukuman ng kabataan ng mga mapagkukunan o humiling ng tulong na teknikal sa:

- **Tanggapan ng Mga Programa ng Hustisya, Tanggapan ng Hustisya ng Kabataan at Pag-iwas sa Kapabayaanan sa Tungkulin**
<https://ojjdp.ojp.gov/>
- **Tanggapan ng Mga Programa ng Hustisya, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil**
askojp@ncjrs.gov | <https://www.ojp.gov/about/offices/office-civil-rights-ocr>
- **Dibisyon para sa Mga Karapatang Sibil, Bahaging Pampederal sa Tuwangan at Pagsunod**
FCS.CRT@usdoj.gov | <https://www.justice.gov/crt/fcs> | www.lep.gov
- **Tanggapan para sa Kaparaanan sa Hustisya**
<https://www.justice.gov/atj>